


Protektahan ang iyong anak laban sa kanser, gamit ang HPV vaccine.


Ang APAT na bagay na dapat mo malaman tungkol sa HPV vaccine:

1. Ang HPV vaccine ay cancer prevention.

Ang vaccine ay nagprotektahan laban sa HPV infections na maaaring magdulot ng:



- Mouth and throat cancer (kanser sa bibig at lalamunan)
- Cervical cancer (kanser sa bungad ng matris)
- Anal cancer (kanser sa puwit)
- Vaginal and vulvar cancer (kanser sa ari ng babae at sa vulva)
- Penile cancer (kanser sa ari ng lalaki)



Nagbibigay din ito ng proteksyon laban sa mga impeksyon na nagdudulot ng genital warts (mga kulugo sa bandang ari ng babae/lalaki).

2. Pabakunahan ang iyong anak habang siya'y bata pa. Huwag maghintay bago siya pabakunahan.

Inirerekomenda na magpabakuna ng HPV vaccine ang mga bata sa grade 6. Ito ang dahilan kung bakit:

- ✓ Ang vaccine ay pinaka-gumagana kapag ito'y ibinigay habang bata pa dahil ang preteens ay nagpro-produce ng mas maraming antibodies pagkatapos ng HPV vaccination kaysa sa mas matatandang teenager.
- ✓ Para gumana nang husto ang vaccine, ang mga tao ay dapat mabakunahan bago sila magkaroon ng sekswal na aktibidad at bago sila malantad sa HPV.

Kapag pinabakunahan mo ang iyong anak sa tamang panahon, binibigyan mo siya ng pinakamainam na proteksyon laban sa mga HPV cancer sa darating na panahon.

3. Ang HPV vaccine ay ligtas.

200,000,000

HPV Vaccine Doses ang Naibigay Na nang Ligtas

Mahigit nang 15 taon minomonitor ang kaligtasan ng vaccine at naipakita na ang HPV vaccine ay ligtas. Mahigit sa 200 milyong doses ng vaccine ang naibigay na sa buong mundo.

4. Gumagana ang HPV vaccination!



Ipinapakita ng mga pag-aaral sa Canada at sa ibang mga bansang may HPV vaccine programs na bumaba nang husto ang HPV infections, cervical pre-cancers, at genital warts simula nang ginamit ang HPV vaccine.

Ano ang HPV?

- Ang HPV ay maikli para sa human papillomavirus.
- Ito ang pinakakaraniwang impeksyon na naipapasa sa pakikipag-sex.
- Humigit-kumulang sa 3 out of 4 sa mga taong sekswal na aktibo na hindi nabakunahan ang magkakaroon ng HPV sa anumang panahon sa kanilang buhay.
- May iba't-ibang klaseng HPV. Ang karamihan ng mga impeksyon sa HPV ay hindi mapanganib at nawawala nang mag-isa. Pero ang ilang mga impeksyon ay maaaring mauwi sa kanser o sa genital warts.



Para sa mga translation o pagsasalin sa ibang wika, at para sa karagdagang impormasyon, i-scan ang QR code o kaya'y bisitahin ang immunizebc.ca/hpv



ImmunizeBC



Provincial Health Services Authority